

Para sa mga banyagang naninirahan sa Aichi Prefecture

**Alamin!**

# **Guidebook tungkol sa iyong kinabukasan at pananalapi**



たがろぐご  
タガログ語 / Tagalog

# Alamin ang tungkol sa kinabukasan at pananalapi

~ Mga kinakailangang halaga sa bawat estado ng buhay

pahina



P3

## Panganganak

gastos : humigit kumulang  
¥510,000

Source: (All-Japan Federation of National Health Insurance Organizations (Gastos sa Panganganak FY2016)



P4

## Edukasyon

gastos : humigit kumulang  
¥10.48 M

kinder ~ senior high:public/  
university:private

Source: Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology (Survey sa Gastos sa Pag-aaral ng Bata, FY 2018)

(Ordenansa tungkol sa Tuition at iba pang gastusin para sa Pampublikong Unibersidad )

(Resulta ng survey ng average na halaga ng bayarin sa unang taon para sa mga mag-aaral na naka-enrol sa pribadong unibersidad (bawat mag-aaral), FY 2017)



P5

## Bahay

gastos : house & lot  
humigit kumulang ¥34.42 M

Source: Japan Housing Finance Agency (Survey ng gumamit ng Flat 35, FY 2018)



P6

## Pang-araw araw na gastusin ng matatanda

gastos : humigit kumulang  
¥260,000 kada buwan

Source: Ministry of Internal Affairs and Communications (Mula sa Table 9 ng Annual Report ng Household Survey (Household Balance) Overview ng Households, FY 2018 )




P7

## Tulong sa pang araw araw na buhay tulad ng pagkain at paliligo

gastos : humigit kumulang  
¥170,000 kada buwan

Source: Ministry of Health, Labour and Welfare (Mula sa Table 5 ng Survey para sa Nursing Care Benefits, FY2017 )

※ Kabuuan ng insurance benefits , galing sa pampublikong gastusin at galing sa gumagamit ng insurance (FY 2018 review)



P8

## Kung mamatay


- Libing
- Mana

P9-10

Para sa mga tanong  
at konsultasyon

Sa mahabang life span, may mga pangyayaring masaya at nakakapagpabagabag.

At mangangailangan ng malaking halaga kaakibat ng mga pangyayari sa buhay.



### Paraan ng paggamit

Magsimula sa pahina na pinaka interesado ka sa ngayon.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o nais malaman, mangyaring kumunsulta sa counter sa p.9-10 para dito.

Kung manirahan sa Japan, mahalaga na ikaw ay may ipon at mayroong mga segurong panlipunan tulad ng kenko hoken/health insurance (p3) · nenkin/pension (p6) · kaigo/nursing care insurance(p7)



### Bakit kailangan ang life plan ?

Ang life plan ay nagsasaalang-alang ng iyong pangkabuuuung pamumuhay upang matupad ang iyong mga pangarap at pag-asa sa buhay.

Anong uri ng buhay ang gusto mo sa hinaharap? Anu-ano ang mga pangarap mo na nais matupad?Magkano ang kailangan mo para maisagawa ang mga ito ?

Ang guidebook na ito ay nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa kinakailangang halaga upang manirahan sa Japan.


Habang ginagawa mo ang iyong life plan, pag-isipan ng mabuti ang kinabukasan mo at ng iyong pamilya.

# 1 Sa panganganak kailangan ng humigit kumulang sa ¥ 510,000

kung manganak ng isang sanggol sa ospital hanggang makalabas

Source: All-Japan Federation of National Health Insurance Organizations (Gastos sa Panganganak FY2016)

## ● Alamin ang sistema na maaaring makatulong sa panganganak at pag-aalaga ng bata.



## ■ Benepisyo para sa pagpapalaki ng mga bata

Benepisyo at sistema	Target								
Child allowance	Ito ay maaring matanggap hanggang junior high school (as of 2019)								
	<table border="1" style="width: 100%;"> <thead> <tr> <th>Edad ng bata</th> <th>Matatanggap na pera (isang bata kada buwan)</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>0-3 taon</td> <td>¥15,000</td> </tr> <tr> <td>3-12 taon (hanggang makatapos ng Grade 6)</td> <td>¥10,000 ※</td> </tr> <tr> <td>12-15 taon (hanggang makatapos ng Junior high school)</td> <td>¥10,000</td> </tr> </tbody> </table>	Edad ng bata	Matatanggap na pera (isang bata kada buwan)	0-3 taon	¥15,000	3-12 taon (hanggang makatapos ng Grade 6)	¥10,000 ※	12-15 taon (hanggang makatapos ng Junior high school)	¥10,000
	Edad ng bata	Matatanggap na pera (isang bata kada buwan)							
	0-3 taon	¥15,000							
3-12 taon (hanggang makatapos ng Grade 6)	¥10,000 ※								
12-15 taon (hanggang makatapos ng Junior high school)	¥10,000								
※ Simula sa pangatlong anak ng mga sambahayan na may tatlong anak pataas ay makakatanggap ng ¥15,000									
Child dependent allowance	Ito ay maaaring matanggap kung isa lamang ang nag-aalagang magulang.								
Sistema para sa tulong sa Child medical expenses	Ang city/town government ang magbabayad ng medical expenses								

Magtanong sa inyong city hall para sa detalye

- Ang mga nagtatrabaho sa company at kukuha ng maternity leave ay makakatanggap ng “shussan te ate”. Maaari ding magpahinga ng hanggang dalawang taon para alagaan ang anak at makatatanggap ng “ikuji kyugyo kyufukin”. Gawin ang procedures para dito sa inyong pinagtatrabahuan.

[for reference]

“Tungkol sa ibat ibang Kultura para sa Pangangalaga sa mga bata sa Aichi” (Published March 2018)

<https://www.pref.aichi.jp/soshiki/tabunka/kosodate-book.html>



kung kinder- senior high ay public school at private university

- maghanda ng kailangang gastusin para sa kurso na nais ng inyong anak
- ang panggastos na ito, ay pag-iipunan simula maliit pa ang inyong anak
- kung kulang ang panggastos, maaaring gumamit ng scholarship
- ang scholarship at educational loan ay perang ipahihiram. Ito ay babayaran pag nakatapos ng pag-aaral. Pag-isipang mabuti bago manghiram




## Mga gastusin sa pag-aaral simula kindergarten hanggang university

	Publiko	Pribado
Kindergarten	Humigit kumulang ¥650,000	Humigit kumulang ¥1.58 million
Elementary	Humigit kumulang ¥1.93 million	Humigit kumulang ¥9.59 million
Junior high school	Humigit kumulang ¥1.46 million	Humigit kumulang ¥4.22 million
Senior high school	Humigit kumulang ¥1.37 million	Humigit kumulang ¥2.9 million
University	Humigit kumulang ¥2.43 million	Humigit kumulang ¥5.07 million

\* kasama ang bayad sa tuition, school lunch, tutorials at iba pa.

Source: Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology  
(Survey sa Gastos sa Pag-aaral ng Bata, FY 2018)  
(Ordenansa tungkol sa Tuition at iba pang gastusin para sa Pamublikong Unibersidad)  
(Resulta ng survey ng average na halaga ng bayarin sa unang taon para sa mga mag-aaral na naka-enrol sa pribadong unibersidad (bawat mag-aaral), FY 2017)



- bago pumasok ng elementary, mayroon ding hoikuen o nintei kodomoen bukod sa tipikal na kinder
- ang gastusin ay depende kung mag-uuwian sa bahay o kung private o public university ang papasukan
- pagkatapos ng senior high, maaari ring pumasok sa vocational school bukod sa four year university course
- mas madaming private kaysa public university

## Subsidy at monetary support para sa sunod na level ng pag-aaral

Para sa	Aid/ Subsidy
Senior high school	<p>admission fee • tulong para sa tuition (maaaring hindi ibalik) depende sa income ng magulang</p> <p>scholarship (kailangang bayaran • walang interes) ang halaga na maaaring hiram ay depende kung public o private highschool</p> <p>《para sa aplikasyon》</p> <p>i-submit ang mga kailangang papeles sa papasukan na school. Maaring mag-aaplay para sa loan habang nasa 3rd year ng junior highschool magtanong sa pinapasukang school o sa Aichi prefectural government.</p>
University • Vocational	<p><b>Scholarship</b></p> <p>Japan Student Services Organization (JASSO) kyufugata (maaring hindi bayaran) at taiyo gata (kailangang bayaran) Marami pang iba-ibang uri ng scholarship. Tingnan ang detalye ng bawat foundation.</p>
Grumadweyt ng junior high school pataas	<p><b>Educational loan</b></p> <p>Educational loan galing sa Japan Finance Corporation (Kailangang bayaran/ may interes)</p> <p>Mayroon pang iba't ibang financial companies na nagbibigay ng educational loan.</p>

Contact sa Aichi Prefecture (P10)  
Public High School : Aichi Board of Education  
Private High School : Aichi Ken Shigaku Shinko Shitsu

Maaring magbago ang sistema. Tingnan ang pinakabagong impormasyon.


★ Inirerekomendang basahin : Daan patungo sa minimithing pangararap para sa mga kabataang banyaga "Guidebook" (Published March 2012)  
<https://www.pref.aichi.jp/soshiki/tabunka/shinro-gidebook.html>



average na halaga ng single detached house

Source: Japan Housing Finance Agency (Survey ng gumamit ng Flat 35, FY 2018)

- Kung bibili ng bahay , malaking halaga ang kakailanganin. Pag-isipang mabuti ang kalagayan mo at ng iyong pamilya, pagdesisyon kung magkano ang gagastusin mo.



### Patnubay para sa housing loan (kung manghihiram sa bangko atbp)

- pag-isipang mabuti, manghiram lamang ng kayang isauli.
- depende sa interes, maaaring mag-iba ang kailangang isauling halaga.
- Kung may Down payment (paunang bayad) mas maliit ang kailangang bayaran.



Pag-iipunan hangga' t maaari.

#### Upang makapag-ipon ?

- Upang makapag-ipon, itago muna ang halaga na nais ipunin, at gamitin ang natitira
- Maghanda ng bank account para sa ipon lamang.

**Income – Ipon = Perang puwedeng gamitin**

May sistema para maging mas mura ang tax para sa housing loan

Magtanong ng detalye sa housing company o sa bangko at iba pang kumpanya para sa housing loan.

para sa matandang mag-asawa na walang trabaho

Source: Ministry of Internal Affairs and Communications (Mula sa Table 9 ng Annual Report ng Household Survey (Household Balance) Overview ng Households, FY 2018 )

- Humahaba ang buhay ng mga matanda matapos magretiro at hindi na makapaghanap-buhay.
- Para sa mga gastusin, kulang kung pension lamang.
- Mahalagang mag-ipon habang nagtatrabaho.

### Tungkol sa pension o nenkin

Ang nagbabayad ng tuloy-tuloy para sa nenkin ay makakatanggap ng pera para sa pang-araw-araw na pamumuhay kapag tumanda na o kung nagkaroon ng kapansanan dulot ng sakit o kapinsalaan.

Ang nenkin ay may dalawang uri, kokumin nenkin at kosei nenkin insurance.

Nagbabayad ka ba ng insurance fee para National pension o Kokumin nenkin / Employee pension o Kosei nenkin ?

**YES** ▼

Upang makatanggap ng nenkin kailangang magbayad ng insurance fee ng 10 taon pataas

**NO** ▼



Sa Japan ka ba titira pagkatapos magretiro ?

**YES** ▼

**NO** ▼

**Tatanggap ng old-age pension o Rorei nenkin**

Basic na halaga :  
¥780,100 sa isang taon  
\* kung tuloy-tuloy na magbabayad sa loob ng 40 taon (as of 2019)

**Tatanggap ng lumpsum**

Kung nagbayad ng anim na buwan pataas hanggang 10 taon kahit walang address sa Japan kung uwi na sa sariling bansa

Sa Japan ka ba titira pagkatapos magretiro ?

**YES** ▼

**NO** ▼

**Walang nenkin**

Kung tumigil ng trabaho walang income.

**Uwi sa sariling bansa atbp**

\* Kung nagbayad ng nenkin insurance fee ng 10 taon pataas at uwi sa sariling bansa maaring makatanggap ng nenkin o pension. Magtanong at kumunsulta sa nenkin office bago umuwi.

### Image ng pagtanggap ng pension o nenkin

**Kosei nenkin insurance** (habang nagtatrabaho)

**Kokumin nenkin**

▲ 20anyos

▲ 60anyos ▲ 65anyos

**Makakatanggap ng nenkin**

Klase ng pension o nenkin	Katangian
kokumin nenkin	Magbabayad ng insurance fee ng 20 ~ 60 anyos.
kosei nenkin hoken	Magbabayad ng insurance fee habang nagtatrabaho hanggang 70 anyos * depende sa kumpanya na pinagtatrabahuhan at uri ng trabaho.

※ Kung hindi makaabot ng 10 taon ang binayang insurance fee, para sa kokumin nenkin (60-70 anyos) , para sa kosei nenkin (70 anyos pataas) at may trabaho , maaari pa ring magbayad ng insurance fee upang makatanggap ng nenkin .

### shogai nenkin

Kung nagbabayad ng nenkin insurance fee, maaaring makatanggap ng nenkin kung hindi makapagtrabaho dahil sa sakit o pinsala.

Gawin ang mga pamamaraan upang makuha ang nenkin sa pension office. Dalhin ang nenkin techo o booklet at identification.

Nenkin dial : 0570-05-1165

Nenkin website : [https://www.nenkin.go.jp/n\\_net/index.html](https://www.nenkin.go.jp/n_net/index.html)



## Nursing care para sa pang araw araw na buhay tulad ng pagkain at paliligo ay gagastos ng humigit kumulang sa ¥ 170,000 kada buwan


gastos ng bawat isang tumatanggap ng nursing care insurance

Source: Ministry of Health, Labour and Welfare (Mula sa Table 5 ng Survey para sa Nursing Care Benefits, FY2017)

\* Halaga ng matatanggap na insurance, kabuuang halaga galing sa pangpublikong sektor at sa mismong gumagamit ng insurance (2018 Survey)

- Kung ikaw o ang iyong mga magulang ay tumanda, magkaroon ng sakit o kapinsalaan, mangangailangan ng tulong sa pang-araw-araw na buhay.
- Malaking pera ang kakailanganin para sa nursing service.
- Depende ang babayaran sa serbisyo na kailangan.

### Halimbawa ng serbisyo



### Nursing care insurance o kaigo hoken

Sa Japan, may sistema kung saan ang buong sosyedad ang sasalalay sa pag-aalaga. Ito ay nursing care insurance o kaigo hoken. Magbabayad ang 40 anyos pataas ng nursing care insurance fee upang magamit ang serbisyong ito.

	Paraan ng pagbabayad	Kung gagamit ng serbisyo
65 anyos pataas	Babawasin sa nenkin ang insurance fee	Kung kinakailangan ng pangangalaga
40 ~ 64 anyos	Babayaran kasama ng health insurance at nenkin Kung may trabaho, babawasin sa suweldo	May malalang sakit (final stage cancer/ joint rheumatism etc ) at kailangan ng pangangalaga

### nursing care service fee

Nagbabayad ka ba ng insurance fee ?

**YES**

Maaaring gumamit ng mga serbisyo sa halagang 10%~ 30% lamang

**NO**

Lahat ng kailangang serbisyo ay sariling babayaran at ito ay mangangailangan ng malaking pera

### Upang makagamit ng nursing service

Kung mangailangan ng serbisyo, kumunsulta sa city /ward/town/ village office kung saan kayo nakatira. May tagapamahalang staff para dito na tutulong upang malaman kung ano ang inyong kinakailangang pangangalaga at serbisyo .

- Kung nais ninyong magtanong tungkol sa kinakailangan na nursing care at serbisyo, tumawag sa ibaba
- city/ward/town /village office, tagapamahala ( " korei fukushi ka" " kaigohoken ka" o maaaring iba-iba ang tawag sa pangalan ng tanggapan)
  - Chiiki hokatsu shien center (mayroong isang sangay pataas bawat lugar )



## Libing

- Sa Japan, kug ilibing ang patay ,bilang general rule, kailangan na ito ay i-cremate.
- Pag-isipan at pag-aralang mabuti ang tungkol sa libingan, funeral service, mga kailangang procedures at mga babayaran para dito.

Uri ng libing	Kailangan na dokumento	Payo
cremation • interment	<ul style="list-style-type: none"> <li>• death certificate (shibo shindan sho (itai ken an sho ) ※ galing ito sa doctor</li> <li>• cremation /interment permit ※ makukuha ito sa city hall kapag nag submit ng death certificate</li> </ul>	<p>Maari itong gawin para sa inyo ng funeral company</p> <p>Para sa perang gagamitin sa libing, mainam kung habang buhay pa magpagawa ng estimate sa ilang kumpanya.</p>
Libing sa lupa	<ul style="list-style-type: none"> <li>• permit para sa libing sa lupa ※ kumuha nito sa city hall</li> </ul>	Kumunsulta sa inyong simbahan
Ililibing sa sariling bansa	<ul style="list-style-type: none"> <li>• itanong ang procedures sa sariling bansa</li> <li>• may magagastos sa pagdadala ng bangkay sa sariling bansa. Maaring gumastos ng ¥ 1.5 million pataas depende sa pagdadalhan</li> </ul>	

- Kung may namatay na kapamilya o kasambahay, ipagbigay alam ito sa inyong city hall at magsumite ng death certificate (shibo todoke) sa loob ng pitong (7) araw matapos na malaman.
- May matatanggap na pera galing sa health insurance (p3) kung magkaroon ng funeral service o cremation sa namatay na kasambahay. Makipag-ugnayan sa inyong city hall para sa halaga at procedures para dito.
- Isauli ang residence card sa malapit na immigration 14 na araw matapos mamatay ang kapamilya.

## Mana

**Tungkol sa naiwan na kayamanan, kumunsulta sa pamilya at ayusin habang maaga.**

① **Kung sa Japan namatay ang kapamilya, magpadala ng notice upang itigil ang mga bayarin.**

- bangko ( ginagamit na bank account ng namatay )
- nenkin pension office (procedure sa pagpapatigil ng pension)
- kuryente • gas • tubig • telepono • procedure sa renta ng apartment (kung kailangan)

② **Gawin ang mga kailangang procedures para sa pagmana ng ari-arian ng namatay na kamag-anak.**

- Kailangan ng procedure (para sa deposito sa bangko) upang matanggap ang deposito na nakapangalan sa namatay. Ang kapamilya ng namatay lamang ang maaaring gumawa ng procedure. Kumunsulta sa bangko.
- Kung maraming mamanahin (lupa, deposito ), kailangang magbayad ng inheritance tax . Kung may alanganin, kumunsulta sa accountant habang nabubuhay pa.

**Kung namatay ang magulang na nakatira sa sariling bansa at may mamanahin**

Alamin ang procedures para sa pagmamana sa iyong bansa, tulad ng naka-akda sa inheritance law . Kumunsulta din sa dalubhasa sa inyong bansa , tulad ng accountant .

# Para sa mga tanong

## ■ Contact numbers ng city/district/town/village offices

Ito ay lugar kung saan maraming sistema at serbisyo para sa taong bayan.  
Kung tatawag, sabihin ang pakay, at ipakonekta sa taong tagapamahala.

Lugar	Telepono	Lugar	Telepono	
名古屋市 (Nagoya-shi)	千種区 (Chikusa-ku)	052-762-3111	新城市 (Shinshiro-shi)	0536-23-1111
	東区 (Higashi-ku)	052-935-2271	東海市 (Tokai-shi)	052-603-2211
	北区 (Kita-ku)	052-911-3131	大府市 (Obu-shi)	0562-47-2111
	西区 (Nishi-ku)	052-521-5311	知多市 (Chita-shi)	0562-33-3151
	中村区 (Nakamura-ku)	052-451-1241	知立市 (Chiryu-shi)	0566-83-1111
	中区 (Naka-ku)	052-241-3601	尾張旭市 (Owariasahi-shi)	0561-53-2111
	昭和区 (Showa-ku)	052-731-1511	高浜市 (Tatahama-shi)	0566-52-1111
	瑞穂区 (Mizuho-ku)	052-841-1521	岩倉市 (Iwakura-shi)	0587-66-1111
	熱田区 (Atsuta-ku)	052-681-1431	豊明市 (Toyoake-shi)	0562-92-1111
	中川区 (Nakagawa-ku)	052-362-1111	日進市 (Nisshin-shi)	0561-73-7111
	港区 (Minato-ku)	052-651-3251	田原市 (Tahara-shi)	0531-22-1111
	南区 (Minami-ku)	052-811-5161	愛西市 (Aisai-shi)	0567-26-8111
	守山区 (Moriyama-ku)	052-793-3434	清須市 (Kiyosu-shi)	052-400-2911
	緑区 (Midori-ku)	052-621-2111	北名古屋市 (Kitanago-shi)	0568-22-1111
	名東区 (Meitoku-ku)	052-773-1111	弥富市 (Yatomi-shi)	0567-65-1111
天白区 (Tenpaku-ku)	052-803-1111	みよし市 (Miyoshi-shi)	0561-32-2111	
豊橋市 (Toyohashi-shi)	0532-51-2111	あま市 (Ama-shi)	052-444-1001	
岡崎市 (Okazaki-shi)	0564-23-6000	長久手市 (Nagakute-shi)	0561-63-1111	
一宮市 (Ichinomiya-shi)	0586-28-8100	東郷町 (Togo-cho)	0561-38-3111	
瀬戸市 (Seto-shi)	0561-82-7111	豊山町 (Toyoyama-cho)	0568-28-0001	
半田市 (Handa-shi)	0569-21-3111	大口町 (Oguchi-cho)	0587-95-1111	
春日井市 (Kasugai-shi)	0568-81-5111	扶桑町 (Huso-cho)	0587-93-1111	
豊川市 (Toyokawa-shi)	0533-89-2111	大治町 (Oharu-cho)	052-444-2711	
津島市 (Tsushima-shi)	0567-24-1111	蟹江町 (Kanie-cho)	0567-95-1111	
碧南市 (Hekinan-shi)	0566-41-3311	飛島村 (Tobishima-mura)	0567-52-1231	
刈谷市 (Kariya-shi)	0566-23-1111	阿久比町 (Agui-cho)	0569-48-1111	
豊田市 (Toyota-shi)	0565-31-1212	東浦町 (Higashiura-cho)	0562-83-3111	
安城市 (Anjo-shi)	0566-71-2299	南知多町 (Minamichita-cho)	0569-65-0711	
西尾市 (Nishio-shi)	0563-56-2111	美浜町 (Mihama-cho)	0569-82-1111	
蒲郡市 (Gamagori-shi)	0533-66-1111	武豊町 (Taketoyo-cho)	0569-72-1111	
犬山市 (Inuyama-shi)	0568-61-1800	幸田町 (Kota-cho)	0564-62-1111	
常滑市 (Tokoname-shi)	0569-35-5111	設楽町 (Shitara-cho)	0536-62-0511	
江南市 (Konan-shi)	0587-54-1111	東栄町 (Toei-cho)	0536-76-0501	
小牧市 (Komaki-shi)	0568-72-2101	豊根村 (Toyone-mura)	0536-85-1311	
稲沢市 (Inazawa-shi)	0587-32-1111			

## ■ Tungkol sa procedures sa residency

### Nagoya Regional Immigration Bureau

Telepono	052-559-2150 (representative)
URL	<a href="http://www.immi-moj.go.jp/soshiki/kikou/nagoya.html">http://www.immi-moj.go.jp/soshiki/kikou/nagoya.html</a>
consultation counter	Gaikokujin zairyu sogo information center ● Counter consultation Lunes ~ Biyernes (Sa loob ng Nagoya Regional Immigration Bureau) ● Telephone Consultation 0570-013904(Buong bansa) Lunes ~ Biyernes 8:30 ~ 17:15 03-5796-7112 ( Mula sa IP, PHS o sa ibang bansa)



## ■ [Edukasyon] Mga tulong para sa Senior HighSchool sa Aichi Prefecture

Aichi Prefecture Board of Education Aichiken Kyoiku linkai	(tungkol sa tuition) Zaimu shisetsu ka kanri group Tel 052-954-6763 (tungkol sa scholarship) Koto gako kyoiku ka shogaku group Tel 052-954-6785
Aichi Shigaku fuko shitsu josei group	Tel 052-954-6187

## ■ [Nursing care/kaigo,Nenkin] Nursing care insurance·welfare for old people/ koreisha fukushi guidebook (Japanese)

Maraming impormasyon tungkol sa mga matatanda. Ini-isyu taon-taon ng Aichi prefecture .

Tingnan din ang ibang organisasyon sa ibaba .

<https://www.pref.aichi.jp/korei/guide/>



## ■ Para sa Konsultasyon

### Aichi Tabunka Kyosei Center (Aichi International Association:AIA)

Telepono	052-961-7902
Oras ng registration	Lunes ~ Sabado 10:00 ~ 18:00
Detalye	<b>Ordinaryong konsultasyon (konsultasyon sa Social worker )</b> Wika : ※① ※ ba-iba ang araw at oras na maaaring kumunsulta depende sa wika ○ Para sa video call Lunes ~ Sabado 10:00 ~ 18:00 Wika : ※② <b>Expert Consultation (Kailangan ng telephone appointment )</b> ○ Lawyer' s consultation para sa mga foreigners Wika : ※③ ○ Expert Consultation tungkol sa trabaho/ residency/ pamumuhay Para sa detalye, tingnan ang AIA home page sa ibaba. <a href="http://www2.aia.pref.aichi.jp/sodan/j/sodancorner.html">http://www2.aia.pref.aichi.jp/sodan/j/sodancorner.html</a>



① Japanese, Portuguese, Spanish, English, Chinese, Filipino/Tagalog , Vietnamese, Nepalese, Indonesian, Thai

② Portuguese, Spanish, Spanish, English, Chinese, Filipino/Tagalog ,Vietnamese, Nepalese, Indonesian, Thai, Burmese, Hangul

③ Portuguese, Spanish, English, Chinese, Filipino/Tagalog

### Nagoya International Center Information counter (N I C)

Telepono	052-581-0100
Oras ng registration	Martes ~ Linggo 9:00 ~ 19:00
Detalye	Wika : Japanese, English, Chinese, Hangul, Portuguese, Spanish, Filipino, Vietnamese, Nepalese ※ Iba-iba ang araw at oras na maaaring kumunsulta depende sa wika at nilalaman ★ Maaari ding kumunsulta kung kailangan ng expert advise. ○ Foreign Administrative Consultation ○ Foreign legal consultation (by appointment) ○ Educational consultation para sa foreign students (by appointment) Para sa detalye, tingnan ang NIC homepage sa ibaba. <a href="https://www.nic-nagoya.or.jp/">https://www.nic-nagoya.or.jp/</a>



※ ang status ng nilalaman ay angkop hanggang ngayong Pebrero 2020

## ■ References

### Aichi Handbook (Available sa English) (Published by Aichi International Association )

Itong booklet ay naglalaman ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pamumuhay ng mga banyaga na nakatira sa lugar na ito

Nagtuturo din ito ng mga counters para sa konsultasyon tungkol sa residency procedures, insurance, medical, edukasyon, trabaho buwis at iba pa.

Wika : Japanese, Portuguese, Spanish, English at Chinese

<http://www2.aia.pref.aichi.jp/sodan/j/benricho/index.html>



**Alamin!**

## **Guidebook tungkol sa iyong kinabukasan at pananalapi**

Pebrero 2020

[Paglathala]

Mga Social na Aktibidad Promotion Division

Multicultural Promotion Office Pamahalaang Prefectural ng Aichi

〒 460-8501

Nagoyashi Nakaku SannoMaru 3 chome 1 ban 2 go

Telepono 052-954-6138 (Dial in)

E-mail [tabunka@pref.aichi.lg.jp](mailto:tabunka@pref.aichi.lg.jp)

<https://www.pref.aichi.jp/soshiki/tabunka/>

<https://www.facebook.com/Aichitabunkakyouseinet>



Aichi Ken Tabunka Kyosei Net



facebook

[Patnugot]

Frontier Toyohashi

※ Itong booklet ay ginawa bilang isang project grant mula sa Council of Local Authorities for International Relations.